
## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang kasunod na kuwento. Hulaan ang susunod na maaaring mangyari gamit ang mga pahiwatig sa bawat bilang. Gawing gabay sa pagsagot ang mga sumusunod na tanong.

### Pasukan Na!

ni Arceli V. Balmeo



Lunes noon. Unang araw ng pasok sa paaralan. Sinamahan ni Aling Belen ang kaniyang bunsong anak na si Chona na nasa Unang Baitang.

"Inay marami po palang bata at mga nanay sa paaralan," sabi ni Chona. "Talagang marami kasi unang araw ng pasok. Inihahatid din kasi ng ibang nanay ang kanilang mga anak. 'Yung ibang mga bata ay ayaw pang paiwan sa silid-aralan, tapos umiiyak pa."

Biglang naalala ni Chona na magpapabili muna siya ng miryenda bago umuwi ang kaniyang nanay. Kaya sinabi niya agad ito sa kaniyang nanay. Ang binili nila ay nagkakahalaga ng ₱16.00. Isang dalawampung pisong papel ang ibinayad ng nanay niya. Nagbigay ng sukli ang tindera. Sa halip na ₱4.00 ang sukli ay sobra-sobra ang ibinigay nito.

"Inay, sobra po ng limang piso ang sukli sa atin ng tindera. Ang ibinayad po natin ay dalawampung piso", sabi ni Chona. "Naku! Aling Tindera, sobra nga naman ng limang piso ang sukli ninyo sa amin", natawang sabi ni Aling Belen.

"Salamat po," nakangiting wika ng tindera. "Halika ineng," nakangiting tawag ng tindera kay Chona. "Dahil sa iyong katapatan, heto naman ang bigay ko sa iyo, isang basong buko *juice*." "Salamat po", sabi ni Chona habang tinatanggap ang buko *juice* na bigay ng tindera.

LIVEWORKSHEETS

1. Anong katangian mayroon si Chona?

**A.** **Baka siya ay batang matapat.**

**B.** **Baka siya ay batang masayahin.**

2. Bakit inihatid pa si Chona ng kaniyang nanay sa paaralan?

**A.** **Tila natatakot na mag-isa ang anak sa pagpasok.**

**B.** **Tila kaya na niyang bumiyahe mag-isa.**

3. Bakit sobra ang naisukli ng tindera sa mag-ina?

**A.** **Siguro ay nagkamali ng bilang..**

**B.** **Siguro ay maraming pera si Aling Tindera.**

4. Paano na ang gagawin ni Chona kapag iniwan na siya ng kaniyang nanay?

**A.** **Marahil ay papasok na siya agad sa silid-aralan.**

**B.** **Marahil ay maglalaro nalang siya sa palaruan.**

LIVEWORKSHEETS